# Mga Katanungan ayon sa mga probisyon ng Artikulo 12 ng Quarantine Act at Written Pledge ayon sa artikulo 16-2 ng Quarantine Act (revised on 04 15, 2022)

## 【 Mga Katanunngan batay sa mga probisyon ng Artikulo 12 ng Quarantine Act】

Nais naming makuha ang inyong kasagutan sa mga sumusunod, ayon sa nakasaad sa Artikulo 12 ng Quarantine Act. Maari lamang pakibilugan ang tamang sagot. Ipinapaalala na ang hindi pagsagot o ang pagbibigay ng hindi tamang impormasyon ay maaring magresulta sa karampatang parusa ng pagkakakulong ng hanggang anim (6) na buwan o pagbabayad ng multa ng hanggang limang daang libong yen (500,000 yen) base sa probisyon ng Artikulo 36 ng Quarantine Act.

Pamunuan, Quarantine Station

■Makukumpirma mo ba na ang iyong travel documents ukol sa quarantine ay nagtutugma sa mga pamantayang inilahad ng Ministry of Health, Labour and Welfare (MHLW)?

【Pagpapakita ng Test Certificate na kinuha sa loob ng 72 oras bago ang paglipad】

T Ang Test Certificate ay nakukuha sa mga institusyong medical ayon sa mga metodolihiya at specimen standard para sa COVID-19 na inilahad ng MHLW.

【 COVID-19 Vaccination Certificate (kapag meron at ipipresenta)】

Ang vaccination certificate dapat angkop sa mga kondisyones na tinatanggap ng Ministry of Foreign Affairs at MHLW, kasali ang pangalan ng bakuna at bilang ng pagbabakuna.

| Yes / Oo | No / Hindi |
|---|---|

■Pagpasok sa Japan, mag iinstall or nakapag-install ka ba ng mga nabanggit na app ng MHLW sa sarili o nirentahang smartphone? Kung ang sagot ay "hindi", ikaw ay tatanunging ng aming staff ukol sa iyong sitwasyon.

| Yes / Oo | No / Hindi |
|---|---|

## 【Written Pledge (para sa Indibidwal)】

Sa kinauukulan

Minister of Health, Labour and Welfare

Minister of Justice

Ako ay nangangako sa nilalaman na inilarawan sa nakalakip na dokumento. Bukod pa rito, naiintindihan at tinatanggap ko ang sumusunod na mga punto:

- Paglabag o pinaghihinalaang paglabag sa pangakong ito ay maaring mag-resulta sa mga sumusunod na aksyon
  - ✓ Pag-iikot ng MHLW at iba pang kaugnay na mga awtoridad sa bahay o sa tinutuluyan.
  - ✓ Paglalathala ng mga pangalan (o pangalan at nasyonalidad sa kaso ng mga hindi Hapon na nasyonalidad) at impormasyon na makakatulong sa pag-iwas sa pagkalat ng impeksyon.
  - ✓ Pagkakakulong base sa probisyon ng Quarantine Act
  - ✓ Sa kaso ng mga dayuhang nasyonal, maaaring mapasailalim sa pagbawi ng kanilang status of residence at deportasyon, atbp. ayon sa mga probisyon ng Immigration Control and Refugee Recognition Act.
- Patungkol sa mga impormasyon, kabilang ang personal na impormasyong kinakailangan para makumpirma ang pagsunod sa mga nakasaad sa pledge, ang naturang impormasyon ay maaring mag-mula sa mga lokal na pamahalaan, sa tinutuluyan, mga lugar kung saan ibinebenta ang mga produktong pang-export, sa National Tax Agency, atbp, at mga kaugnay na awtoridad tulad ng MHLW at ang MHLW ay maaring ibigay ang naturang impormasyon sa sa Immigration Services Agency, local health centers at iba pang kaugnay na departamento.
- Mga impormasyong kinakailangan para sa pagkakakilanlan, tulad ng lokasyon, imahe at boses, ay maaring kolektahin sa pamamagitan ng app na ininstall pagpasok sa Japan at maibahagi sa mga kaugnay na awtoridad, kabilang ang MHLW.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Date (yyyy/mm/dd) | | | | | / | | | | / | | | | | |
| Passport number | | | | | | | | | | | | | | |
| Name ( in block letter) | | | | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | |

Attachment

# ＜ Mga Nilalaman ng Pledge＞

a) Ang mga (i) COVID-19 test certificate na kinuha sa loob ng 72 oras bago ang paglipad o kopya nito at (ii) vaccination certificate, na ipapakita ng aplikante sa pagpasok sa Japan ay dapat na hindi naglalaman ng misrepresentasyon. Karagdagan dito, kapag ang negative test result ay boluntaryong kinuha at inireport sa Health Monitoring Center for Overseas Entrants (HCO) ng Ministry of Health, Labour and Welfare (MHLW) para mapaiksi ang quarantine period, ang report ay dapat na hindi rin naglalaman ng misrepresentasyon.

b) Ang aplikante ay mananatili sa pasilidad na itinalaga ng quarantine station sa loob ng ilang araw ayon sa bilang na itinalaga ng quarantine station ng MHLW. Ang aplikante ay dapat na sumunod sa instruksyon ng MHLW kapag bumibiyahe mula at patungo sa tutuluyang pasilidad at habang nanatili sa tinutuluyang pasilidad.

c) Mula pagpasok sa Japan hanggang matapos ang naitalagang quarantine period, ang aplikante ay:

(i) Mananatili sa lokasyon na nakasaad sa questionnaire na isinumite sa quarantine o sa tinutuluyang pasilidad na itinalaga ng quarantine station. Kung kinaikailangang magbago ng lokasyon sa hindi maiiwasang dahilan, kailangan ikonsulta ito ng aplikante sa HCO ng MHLW.

(ii) Hindi makikisalamuha sa iba.

(iii) Hindi gagamit ng pampublikong transportasyon na sinasakyan ng hindi matukoy na bilang ng mga tao, kagaya ng tren, bus, taxi, domestic flights, atbp. (maliban sa pagbiyahe papunta sa sariling bahay o akomodasyon sa loob ng 24 oras matapos ang inspeksyon sa quarantine pagpasok sa Japan).

(iv) Tutugon sa mga katanungan mula sa public health center para sa mga impormasyong kinakailangan para mapigilan ang pagkalat ng impeksyon.

d) Pagpasok sa Japan, ang aplikante ay mag-iinstall ng app na itinalaga ng MHLW, at

(i) Mula pagpasok sa Japan hanggang matapos ang itinalagang quarantine period, ang aplikante ay magrereport ng kaniyang kondisyon sa HCO.

(ii) Pagkapasok sa Japan, ang aplikante ay magrerehistro ng kaniyang tinutuluyan/akomodasyon sa app at magpapadala ng kaniyang lokasyon kapag natanggap na ang notipikasyon mula sa app.

(iii) Kapag nakipag-ugnayan ang HCO gamit ang app, ang aplikante ay kailangan tumugon sa pamamagitan ng pagbubukas ng camera ng smartphone na gamit.

e) Ang aplikante ay matapat na tutugon sa pakikipag-ugnayan at imbestigasyon ng mga kinauukulang awtoridad, kabilang ang MHLW at ang HCO tungkol sa pagsunod sa mga nilalaman ng Pledge. Ang hindi pagtugon sa hindi makatwirang dahilan, pag-tanggi o paghadlang sa mga pag-iimbestiga, o pagbibigay ng maling impormasyon atbp, ay maituturing na paglabag sa pledge.

f) Kung ang aplikante ay nakaranas ng sintomas pagkatapos makapasok sa Japan at bago matapos ang itinalagang quarantine period, ang aplikante ay dapat agad na humingi ng atensyong medikal at sumunod sa instruksyon na ibibigay ng mga awtoridad tulad ng pampublikong health centers.

g) Ang aplikante ay makikipagtulungan sa imbestigasyon ng health center kung sila ay nag positibo sa test pagkatapos makapasok sa Japan.

h) Ang aplikante ay gagawin ang mga hakbang upang maiwasan ang impeksiyon tulad ng (i) pagsuot ng masks (ii) wastong paghugas at pagdidisinfect ng kamay at (iii) pag-iwas sa mga saradong lugar “closed spaces”, mataong lugar “crowded spaces” at malapitang pakikisalamuha “close-contact” (ang “tatlong Cs”).

NB: Kung ang aplikante ay hindi magsusumite ng written pledge, siya ay kailangang manatili sa itinalagang tutuluyang pasilidad ng quarantine station sa loob ng itinakdang quarantine period.